

TAO/LIPUNAN, MORAL/IMORAL: MACARIO PINEDA AT REINHOLD NIEBUHR

Jose Mario C. Francisco, SJ

ABSTRACT

Macario Pineda's novels, particularly his 1947 masterpiece *Ang Ginto sa Makiling*, engage fundamental questions about the moral nature of the human person and the possibility of societal transformation. Though dissimilar in personal background and social milieu from Pineda, Reinhold Niebuhr, social ethicist in twentieth-century American society, raises these same questions in his 1932 classic *Moral Man and Immoral Society*. Moreover, they similarly base their responses in Christian Faith. Pineda is uncompromising in his belief in the moral capacity of the person, especially when nurtured through education, to do good and thus to establish "Makiling," his symbol of the transformed society, in our midst. Though convinced too of the individual moral goodness, Niebuhr is deeply aware of the powerful and corrupt forces at play in modern society, and therefore foresees an unrelenting struggle between individual goodness and society. Both Pineda and Niebuhr's responses offer food for thought at a time when these same questions plague contemporary Philippine society.

KEYWORDS: Macario Pineda; Reinhold Niebuhr; Philippine social problem; moral freedom; social change

Higit na naging makabuluhan ang pagdiriwang ng sentenaryong kapanganakan ni Macario Pineda dahil nasabay ito sa pagbubunyag ng malawakang katiwalian sa lipunang Pilipino. Bilyon-bilyon sa kaban ng bayan ang di-umano'y naibulsa ng

mga mambabatas at kanilang kaalyado. Nagsiklab ang galit ng iba’t ibang sektor at tinuligsa ang mga kinauukulan. Kasabay ng mga pagkilos na ito, hindi naiwasan ang pagtatanong kung saan nag-uugat ang katiwalian at kung paano mababago ang lipunan—mga batayang katanungang bumagabag rin kay Pineda noong panahon niya, at kanyang sinagot sa pamamagitan ng kanyang panulat.

Layunin ng sanaysay na ito na ilahad ang kasagutang napapaloob sa mga nobela ni Pineda at ihambing ito sa pananaw ni Reinhold Niebuhr na humarap sa ganitong mga katanungan sa konteksto ng lipunang Amerikano. Sa ganitong paghahambing, lalong tumitingkad ang matalas na pagdalumat ni Pineda hinggil sa tao at lipunan.

Si Macario Pineda ay isang kilalang manunulat ng nobela at kuwentong Tagalog, pinanganak noong 1912 sa Malolos, Bulacan, nakatapos sa Bulacan High School, matagal na nagtrabaho sa ilang munisipyo sa Bulacan, sumapi sa kilusang gerilya noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at pumanaw dahil sa *tuberculosis* noong 1950.

Si Reinhold Niebuhr ay Protestanteng teyologo sa Estados Unidos, pinanganak noong 1892 sa Wright City, Missouri, nagpakadalubhasa sa bantog na Yale University, nagsilbing pastor ng maralita sa Detroit, nagturo bilang propesor sa Union Theological Seminary sa New York, naging sangkot sa iba’t ibang usaping panlipunan, at namatay noong 1971 sa Stockbridge, Massachusetts.

Tila sinlawak ng Dagat Pasipiko ang pagkakaiba ng dalawa sa pinagmulang lahi, uri, at bayan, sa pinag-aralan at propesyon, pinaggugulan ng buhay. Ngunit hindi maitatangi ang kanilang parehong pagtatanong tungkol sa kalikasan ng tao at pagpapanibago sa lipunan, at ang paglingon sa pananampalatayang Kristiyano bilang batayan ng kasagutan. Magkatulad ang mga pangunahing paksa na kanilang tinalakay—ang kalikasan ng tao at lipunan, ang papel ng etika sa personal at panlipunang buhay, at ang pagmamalasakit sa sinumang naghihirap. Sa kontekstong ito babasahin ng sanaysay sina Pineda at Niebuhr. Kay Pineda, higit na pagtutuunan ng pansin ang obra maestrang *Ang Ginto sa Makiling* (1947), bagamat babanggitin rin ang ibang akda.¹ Kay Niebuhr, tanging gagamitin ang aklat niyang *Moral Man and Immoral Society: A Study in Ethics and Politics* (1932).

¹Ito ang mga sumusunod: *Langit ng Isang Pag-ibig* (Manila: Palimbagang Tagumpay, 1947); *Magat: Ama ng Lahing Kayumanggi, Liwayway*, 12 January 1948–10 May 1948; *Mutyang Taga-ilog, Daigdig*, 23 December 1947–1 March 1948; *Sa Langit, tulad sa Lupa, Ilang-ilang*, 7 September 1950–11 January 1951; *Halina sa Ating Bukas* (Manila: St. Paul Pub., 1971); *Isang Milyong Piso* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2012); *Sa Himaymay ng Puso at Iba Pang Kuwento* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2013).

MULA SA BINTANA NI DORO: PAGTANAW KAY PINEDA

Isang bintanang nagbubukas sa daigdig ng mga nobela ni Pineda ang kabanatang nagsasalaysay sa huling pag-uusap nina Sanang at ng kanyang pamangking si Doro. “Ano ang buhay?” tanong ni Sanang kay Doro na nagtapos ng Bachiller en Filosofiya y Letras sa Ateneo de Manila at nagdala ng isang karitong aklat pag-uwi. Tanging sagot ng napabuntung-hiningang Doro, “Naku, Nanang. Hanggang ako’y bumabasa at hanggang pinag-aaralan ko ang bagay na iyan ay lalo akong nakauunawa ng aking kamangmangan.”² Dito masisilayan ang pangunahing tanong na hinaharap ni Pineda, at sa dakong ito ng nobelang *Ginto sa Makiling*, tinutukoy ng sagot ni Doro ang hiwaga sa Bundok Makiling na kanyang napuntahan kasama ni Edong, ang kasintahan ni Sanang, at ang kanyang pagsisikap na masagot ito sa pamamagitan ng pag-aaral.

Mahalaga ang pag-aaral sa paghahanap ng kasagutan, at binibigyang-diin ito ni Pineda sa *Ginto sa Makiling* at sa iba pa niyang akda. Ngunit hindi sapat ang pagpapakadalubhasa sa propesyon upang masagot ang tanong tungkol sa buhay. Sabi nga ni Doro, “Hindi ko nais maging manggagamot, at lalong wala akong hilig sa pagiging abogado.” Sagot ni Sanang, “Huwag mo nang isipin ang karera, Doro, kung wala kang mahiligang karera. Mag-aral ka na lamang at kung ang tanging maunawaan mo’y ang halaga ng buhay ay sapat na sa akin.”³ Sa *Langit ng Isang Pag-ibig* (1947) naman, lumuwas patungong Maynila si Julian upang mag-doktor. Ngunit hindi basta pagiging doktor lamang ang kanyang natutuhan kundi ang higit na mahalagang karunungan at pananampalataya na ipanamalas ng guro niyang si Dr. Lantin.

Ngunit pagkatapos ng kanyang pag-aaral pagkalipas ng ilang taon, muling ibinabalik ni Sanang kay Doro ang tanong habang nagaganap ang digmaan ng Estados Unidos at Hapon, na siyang ikamamatay ng ina niyang si Menyang dahil sa tama ng bala ng isang eroplanong Amerikano. Sagot muli ni Doro, “Pinag-aralan ko ang kasaysayan ng tao mula sa simulang isa siyang hayop na halos ang kaibhan lamang sa ibang hayop ay ang kanyang kaisipang marunong mangatuwiran. Sinundan ko ang kanyang pag-akyat mula sa kailalimang yaon at hanggang may ilang daang taon lamang na nakalilipas ay malaki pa rin ang hindi niya ipinagkakaiba sa mga tunay na hayop. At hanggang ngayon, Nanang, ay napakarami pa ring bagay na panghayop ang natatagpuan sa isipan ng tao.”⁴ Dahil dito, kapwa niya tinuligsa ang mga “kaaway na ngayon ay narito pa rin sa ating bayan at pumapatay lamang upang makapatay at hindi sa isang mapangangatuwiranang dahilan,” at ang “kapuwa rin natin na pumapatay na sinasangkalan ay bayan upang balatkayuan ang tanging

²Macario Pineda, *Ang Ginto sa Makiling* (Manila: Palimbagang Tagumpay, 1947), 103.

³Ibid.

⁴Pineda, *Ang Ginto sa Makiling*, 104.

hangad na makuha ang hindi nila ari, ang hindi nila salapi.”⁵ Sa ikalawang sagot ni Doro, kanyang kinikilala ang tinatawag ng mga pilosopo tulad ni Ricoeur na “hiwaga ng kasamaan” (mystery of evil)—kung saan nanggagaling ang kasamaan at kung bakit ito sumusulpot.⁶ Ngunit sa kabila nito, hindi nawawalan ng pag-asa si Doro: “Ngunit ang tao’y umaakyat kahi’t mabagal, Nanang. Tumataas ang kanyang pagkatao kahi’t kinakailangang bayaran ng katakut-takot na dugo ang bawa’t kaliit-liitang aralin ukol sa kanyang ikasusulong na tungo sa rurok ng kanyang tunay na pagiging anak ng Lumikha.”⁷

Itong paghahanap sa kahulugan ng buhay na siyang taimtim na pinagnilayan ni Doro ang siya ring pangunahing katanungang nasasailalim ng ibang akda ni Pineda. Mula sa bintanang ito makikita nang higit na malalim na daigdig ng kanyang mga nobela.

PAGTANAW SA TAO

Sa unang pagtingin, hindi nalalayo ang mga akda ni Pineda sa namamayani noong tradisyon sa panitikang Tagalog. Oo nga’t nakilala siya sa kanyang paglalapat ng mga makabagong pamamaraan sa pagsulat na kanyang natutuhan sa pagbabasa ng tinitingalang manunulat sa Ingles at maging sa kanyang pagsulat ng maikling kuwento sa Ingles. Ngunit ayon nga sa pag-uulat ni Soledad Reyes sa pananaw ng mga kritiko kay Pineda, “mamamalas ang malikhaing pag-uugnay ng makabagong teknik at ng tradisyunal na paksa at tema.”⁸

Iba’t ibang anyo ng pag-ibig ang karaniwang pinaksa ni Pineda. Ani Reyes, “Batid ni Pineda ang pagkahilig ng mambabasa sa ganitong tema,” at dahil rito, itinuring siyang mahusay na manunulat na nagpadala sa komersyalismo.⁹ Halimbawa, bukod sa *Ginto sa Makiling*, pagmamahalan ng magsing-irog ang laman ng *Halina sa Ating Bukas* (1971) at *Langit ng Isang Pag-ibig* (1947). Pag-ibig sa tinubuang lupa ang paksa ng *Magat: Ama ng Lahing Kayumanggi* (1948) at *Mutyang Taga-ilog* (1948).¹⁰ Pagmamahal sa kapwa naman ang matatagpuan sa *Sa Langit*,

⁵Ibid., 105.

⁶Paul Ricoeur, “Evil, A Challenge to Philosophy and Theology,” *Journal of the American Academy of Religion* 53, no. 3 (1985): 635–48.

⁷Pineda, *Ang Ginto sa Makiling*, 104.

⁸Soledad S. Reyes, introduction to *Ang Ginto sa Makiling at Ibang mga Kuwento* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1990), 19.

⁹Ibid., 33.

¹⁰Soledad S. Reyes, *Ang Nobelang Tagalog 1905–1975: Tradisyon at Modernismo* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982), 140–41.

tulad sa Lupa (1950) at *Isang Milyong Piso* (2012).¹¹ Dahil rito, tinagurian si Pineda bilang “isang eskapista . . . isang manunulat na walang lakas ng loob na harapin ang mapapait na realidad ng buhay.”¹²

Ngunit batay ang ganitong paratang sa di-pagsasaalang-alang sa pangunahing tanong na napapaloob sa lahat ng kanyang akda, ang tanong kay Doro: “Ano nga ba ang kahulugan ng buhay?” Dito matutuklasan ang malalalim na batayang pagtingin ni Pineda sa tao.

Pagmasdan ang kanyang paglalarawan sa kanyang mga tauhan. Napansin ni Reyes sa kanyang pagsusuri sa mga kuwento ni Pineda “ang kawalan ng tauhang itinuturing na kontrabida—babae man o lalaki—na siyang makulay na kumbensyon sa tatsulok ng pag-ibig.”¹³ Ganito rin ang matatagpuan sa iba’t ibang nobela. Sa *Ginto sa Makiling*, halimbawa, ang mga tauhang nagdulot ng iba’t ibang uri ng kapahamakan—sina Tata Sebio at kanyang kasama—ay hindi nagsisimulang masama. Hindi sila likas na masama; nagawa nila ang kasamaan dahil sa kanilang pagkasilaw sa ginto. Maging ang mga tauhang hindi naging ganid sa ginto ay hindi masasabing nag-aangkin ng di-natitinag na kabutihan.

Samakatuwid, ang pananaw ni Pineda sa tao ay hindi “essentialist,” o mayroong kalikasang itinakda at hindi nagbabago. Nagsisimula ang bawat isa nang mayroong binhi ng kabutihan, ngunit kailangan niya itong palaguin sa pamamagitan ng kanyang pamumuhay. Ito ang kinailangang gawin ni Sanang sa pamamagitan ng kanyang apatnapung taong paghihintay nang buong katapatan bago siya makapamumuhay sa Makiling.

Kaugnay ito ng isang maliit ngunit mahalagang detalye sa *Ginto sa Makiling*—ang di-pagkakaroon ng mga supling sa Makiling. Maari itong sabihing “isang uri ng kawalan,”¹⁴ ngunit higit itong maituturing na kaugnay ng pananaw ni Pineda tungkol sa tao. Walang makapaninirahan sa Makiling nang hindi nagpapakita ng walang bahid na kagitingan, maging bantog na bayani man siya tulad ni Urduha o karaniwan tulad ni Edong na nagbuwis ng buhay upang iligtas ang nalaglag na inakay dahil sa kanyang pagkuha ng dapu para kay Sanang. Nakapasok si Doro dahil sa kanyang batang kamusmusan na wala pang bahid ng kasamaan, ngunit dapat pa rin niyang patunayang karapat-dapat siya sa kanyang paglago at pakikipagtunggali sa buhay.

Sa kuwento man ng pag-ibig sa sinta o sa bayan, bawat tauhan ni Pineda ay humaharap sa pagsubok at kinakailangang magpakita ng dalisay na kagitingan.

¹¹Ibid., 141; Soledad S. Reyes, introduction to *Isang Milyong Piso* by Macario Pineda (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2012), xviii–xxiii.

¹²Reyes, introduction to *Ang Ginto sa Makiling at Ibang mga Kuwento*, 27.

¹³Ibid., 33.

¹⁴Ibid., 57.

Sa *Langit ng Isang Pag-ibig*, bumalik sa nayon si Dr. Julian Gracia pagkatapos magpakadalubhasa, hindi lamang upang makapiling ang kasintahang si Cita kundi upang maglingkod sa mga kanayong maralitanang maysakit. Sa *Isang Milyong Piso*, nagbalik-loob ang beteranong si Jose at inilaan ang pabuya ng iniligtas niyang Amerikano para sa mga naulila ng kasama niyang beterano.

Kung gayon, sa pananaw ni Pineda, ang tao ay mayroong angking kakayahang pairalan ang makatuwiran at pumili sa mabuti imbes na sa masama upang maipamalas ang kagitingan. Kadalasan, mahalagang bahagi ng kakayahang ito ang papel na ginagampanan ng pananampalataya. Sa *Ginto sa Makiling*, napakalalim ng pananampalataya ni Sanang na ipinapakita sa kanyang madalas na pagtawag sa Diyos at sa pagpapahalaga sa mga tanda nito, halimbawa ang imahen ng Mahal na Birhen at Santo Kristong ibinilin niya kay Edong mula sa Paete, "yari sa lanite—maputi at sa magandang pagkakalilok ay tila isang bagay na may buhay at nakauunawa sa nangyari."¹⁵ Sa *Langit ng Isang Pag-ibig* naman, hindi lamang ang pagkadalubhasa ang natutuhan ni Julian kay Dr. Gracia kundi ang pananalangin sa Poong Nasareno sa Quiapo: "At nang kanyang maramdamang ang kanyang isipan ay tila tinatangay ng hangin sa mga alapaap ay lumuhod siya. At sa pangalan ng taga-Galileang yaong dalawang libo nang taon ang nakalilipas na nagpakilala ng kanyang kadalubhasaan sa pangalan ng Ama sa langit ay pinaagos niya mula sa kanyang diwa ang dalanging nag-uumapaw sa kanyang katauhan."¹⁶ Maging sa ibang nobelang walang tuwirang pagtalakay sa Kristiyanismo, maraming pagpaparamdam ang hiwagang sumasaibayo sa karaniwang buhay; halimbawa sa *Magat* at sa *Mutyang Taga-ilog*, mayroong tauhang matandang taga-bundok na nagsisilbing guro at gabay tungo sa kagitingan.¹⁷

PAGTANAW SA LIPUNAN

Nilalagay ni Pineda ang ganitong pagtingin sa tao sa lipunang nakapaloob sa kanyang mga nobela. Marami sa mga kritiko noon at ngayon ang nagpalagay na hindi mapanuri ang pagtingin ni Pineda sa lipunan, lalo na kung ihahambing sa klasikong *Pinaglahuan* (1907) ni Faustino Aguilar o sa obra maestrang *Ama* (1929) ni Lazaro Francisco. Isang dahilan ng ganitong pagpapalagay ang kanyang paglalarawan sa lipunang na hitik sa detalye at walang komentaryo, kaya nagiging parang mala-Amorsolo ang kanyang pagpinta rito.

¹⁵Pineda, *Ang Ginto sa Makiling*, 12.

¹⁶Pineda, *Langit ng Isang Pag-ibig*, 86.

¹⁷Reyes, *Ang Nobelang Tagalog*, 141.

Ngunit kung tititigang mabuti ang lipunang nakapaloob sa kanyang mga nobela, maliwanag na hindi ito isang ideyal na mundo. Sa pagdaloy ng mga pangyayari sa *Ginto sa Makiling*, ang akala mong tahimik at karaniwang bayan sa Bulacan ay nagpapakita ng mga pangil nito—pagsamba sa kayamanan, labis na patubo sa utang, pagkagumon sa alak at sugal, at marahas na labanan ng magkababayan man o hindi sa digmaan. Para kay Pineda, hindi hardin ng Eden ang kanayunan o maging ang katutubong lipunan tulad ng karaniwang paglalarawan sa tradisyon ng panitikang Pilipino. Makikita ang pagkaalipin sa *Halina sa Ating Bukas* o kawalan ng gamot ng maralitang maysakit sa *Langit ng Isang Pag-ibig*. Sa *Magat* at *Mutyang Taga-ilog* na nagaganap bago dumating ang pananakop ng Kastila, mayroon ding pang-aapi sa lipunan.¹⁸

Lalo pang malayo sa Paraiso ang lungsod sa nobela ni Pineda na ito ang ginamit na tagpuan. Higit na magulo at mahirap ang buhay sa Maynila tulad ng natuklasan ni Ador sa *Sa Langit, tulad sa Lupa*.¹⁹ Oo nga't sa *Langit ng Isang Pag-ibig* sa Maynila matututuhan ang medisina, hindi naman panatag ang loob ni Julian sa takbo ng buhay sa lungsod. Kailangan niya tuloy sumilong sa tahimik na simbahan ng Quiapo.²⁰

Samakatuwid, para kay Pineda, sa nayon man o lungsod, noon pa man o ngayon, bakas sa lipunan ang paghihirap at pang-aapi, lalo na sa maliliit—magsasaka, manggagawa, maysakit, naulila, at biktima ng digmaan. Maging ang paghihirap na nakahahadlang sa pag-iibigan ay dulot ng puwersang panlipunan; halimbawa, ang pagmamahalan ng magsasakang si Pepe at ng anak ng panginoong maylupa na si Luisa sa *Halina sa Ating Bukas*. Isang angkop na paglalagom ng pananaw ni Pineda ang mga paunang pangungusap sa nobelang ito na naglalarawan ng lipunan pagkatapos ng Himagsikang Pilipino: “Nakagulapay ang buong bayan. Nanlulupaypay ang mga mamamayan. Ang republikang ipinagdiwang nang gayon na lamang karingal dadalawa pang panahong nakalipas ay halos masasabing napawi na.”²¹

Ngunit hindi naman pawang dilim ang lipunan para kay Pineda. Hindi ito nauuwi sa kawalang pag-asa. Sa halip, maraming nobela ang nagtatapos sa pangako ng panibagong-buhay. Wakas ng *Halina sa Ating Bukas* ang bagong lupaing pamamahalaan nina Pepe at Luisa na walang mapang-aping sistema at wakas ng *Mutyang Taga-ilog* ang lupang pangakong itinuro ng mahiwagang matanda kay Dakila.²² Nagtatapos ang *Langit ng Isang Pag-ibig* sa pagbabalik ni Julian sa kanyang nayon upang maglingkod bilang mangagamot ng maralita; ang *Sa Langit, tulad sa*

¹⁸Ibid.

¹⁹Ibid.

²⁰Pineda, *Langit ng Isang Pag-ibig*, 86–89.

²¹Pineda, *Halina sa Ating Bukas* (Manila: St. Paul Pub., 1971), 29.

²²Reyes, *Ang Nobelang Tagalog*, 141.

Lupa sa pagtatayo ni Ador ng pabrika para sa manggagawa sa salaping napanalunan niya sa *sweepstakes*; ang *Isang Milyong Piso* sa pagtulong ng beteranong si Jose sa mga naulila ng digmaan.

Gayumpaman, nananatili pa rin ang katanungan kung saan nag-uugat ang ganitong pag-asa para kay Pineda. Sa puntong ito makakatulong ihambing ang pananaw niya kay Niebuhr na humarap rin sa ganitong katanungan.

PAGTANAW KAY NIEBUHR

Pagtingin sa Tao

Mahalaga ang usapin tungkol sa pagbabago ng tao at lipunan para kina Pineda at Niebuhr dahil sa kanilang personal na karanasan at kalagayan. Nakilala nila ang iba't ibang anyo ng kahirapan.

Bagamat hindi naman masasabing galing sa magdarahop na pamilya si Pineda, ang kanyang ama at maging siya ay karaniwang kawani. Napagmasdan niya sa iba't ibang bayan ng Bulacan ang pamumuhay ng maraming maralita, at pagsapit ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nakita niya bilang gerilya at bilang karaniwang mamamayang naghahanap-buhay ang pangkalahatang kahirapang dulot nito.

Mula naman sa maykayang pamilya si Niebuhr; galing sa Alemanya ang angkan, nakapag-aral ang marami, at pastor din ang kanyang ama. Bilang pastor sa Detroit, nakita niya kung paano nasasagasaan ng kapitalismo ang mga manggagawa sa pabrika ng Ford Motors. Naging kilala siyang tagapagtaguyod ng tinawag na "Social Gospel" laban sa pang-aapi at sumapi sa iba't ibang kilusang pampulitika. Tinuligsa rin niya ang rehimeng Nazi at isinulong ang paglaban rito ng pamahalaang Estados Unidos.

Dahil sa ganitong pinanggalingan, kapwa nila binigyan-diin ang usapin ng pagbabago batay sa kanilang pananaw sa tao at lipunan. Maraming pagkakatulad ang kanilang pananaw. Unang-una, kapwa sila mayroong pagkilala sa kakayahan ng taong maging mabuti o masama. Sa unang dalawang kabanata ng *Moral Man and Immoral Society*, ipinapaliwanag ni Niebuhr ang kanyang batayang pagtingin sa tao: "Lahat ng tao'y mayroong likas na bugsong maging makasarili at maging di-makasarili. . . . Layunin ng lahat ng likas na enerhiya na mapangalagaan at mapanatili ang sarili at maging ganap ayon sa bukod-tangi nitong kagalingan" (Human beings are endowed by nature with both selfish and unselfish impulses. . . . Every type of energy in nature seeks to preserve and perpetuate itself and to gain

fulfillment within terms of its own unique genius).²³ Ngunit “ang tao ang tanging nilalang na may ganap na kamalayan sa sarili. Binibigyan siya ng katwiran ng kakayahang malampasan ang sarili” (man is the only creature which is fully self-conscious. His reason endows him with a capacity for self-transcendence).²⁴ Kaya nga, mahalagang papel ang ginagampanan ng katwiran at karunungan upang makapamuhay ang tao nang ayon sa moralidad: “Dahil sa kakayahan ng katwirang makita ang buong lawak ng buhay, masuri ang pagkakaugnay ng iba’t ibang bugso, at matimbang ang kanilang ibubunga alang-alang sa kabuuang kabutihan, inaayunan ng katwiran ang mga bugsong higit na nagtataguyod ng buhay sa pinakamalawak nitong kahulugan. . . . Kaya nga’t marapat na ipalagay na nasa pag-unlad ng pagiging makatwiran ang katibayan ng pag-unlad ng pagiging moral ng tao” (Reason, in as far as it is able to survey the whole field of life, analyzes the various forces in their relation to each other and, gauging their consequences in terms of the total welfare, it inevitably places the stamp of its approval upon those impulses which affirm life in its most inclusive terms. . . . It is fair, therefore, to assume that growing rationality is a guarantee of man’s growing morality).²⁵

Hindi nalalayo ang ganitong pananaw ni Niebuhr sa sinabi ng tagapagsalita ni Pineda na si Doro: “Pinag-aralan ko ang kasaysayan ng tao mula sa simulang isa siyang hayop na halos ang kaibhan lamang sa ibang hayop ay ang kanyang kaisipang marunong mangatuwiran.”²⁶ Mababanaag ang ganitong kakayahang mangatuwiran sa kabila ng nagtatagisang mga bugso sa tao sa mga pangunahing tauhan sa mga nobela ni Pineda. Halimbawa, pinairal ito ni Sanang sa mga pagkakataon ng pag-aalinlangan at pagsubok, lalo na sa hamon sa kanyang matapat na paghintay kay Edong sa loob ng apatnapung taon. Ngunit para sa katulad ni Sebio, totoo ang sabi ni Doro: “Napakarami pa ring bagay na panghayop ang natatagpuan sa isipan ng tao.”²⁷

Tulad rin ni Pineda, pinahahalagahan ni Niebuhr ang tulong ng pananampalataya upang mapairal ang katwiran, makapamuhay nang moral at, nang sa gayon, mapahalagahan ang kapwa. Hindi bulag si Niebuhr sa mga katiwalaan sa ngalan ng relihiyon, ngunit hindi nito natatabunan ang pinakabuod ng relihiyon: “Ginagawang absoluto ng relihiyon ang kagandahang-loob at itinuturing na siyang pamantayan at mithiin ng buhay-moral . . . [at] binibigyan nito ng sumasaibayo at absolutong halaga ang buhay ng kapwa, kung kaya’t ginigising nito ang pakikiramay sa kanya”

²³Reinhold Niebuhr, *Moral Man and Immoral Society: A Study in Ethics and Politics* (New York: Charles Scribner’s Sons, 1932), 25. Akin ang lahat ng salin sa Tagalog.

²⁴Ibid., 25.

²⁵Ibid., 27.

²⁶Pineda, *Ang Ginto sa Makiling*, 104.

²⁷Ibid.

(Religion absolutises the sentiment of benevolence and makes it the norm and ideal of the moral life . . . [and] gives transcendent and absolute worth to the life of the neighbor and thus encourages sympathy toward him).²⁸

Nagkakatawang-tao ang ganitong mga pangungusap ni Niebuhr sa mga tauhang tulad nina Sanang at Julian na nagpakita ng taimtim na pananampalataya sa Diyos, maging sa mga tauhang hindi hayag na Kristiyano ngunit pinairal ang di-matatawarang hiwaga sa buhay tulad nina Urduha o Dakila. Hitik din ang mga nobela ng mga Kristiyanong sagisag tulad ng mga santong imahen o simbahan bilang mga tanda ng pananampalataya sa nakahihigit sa lahat.

Kung gayon, magkatulad ang pagtingin nina Niebuhr at Pineda sa tao—mayroong bugso tungo sa pagiging makasarili o di-makasarili ngunit ginagabayan ng katwiran at pananampalataya upang umiral ang kagandahang-loob sa kapwa.

Pagtingin sa Lipunan

Hindi rin nagkakalayo ang pagtingin nina Niebuhr at Pineda sa lipunan. Ngunit higit na matalas ang pagbatikos ni Niebuhr sa pangkalahatang lipunan na kanyang tinawag na “lipunang imoral” (immoral society) samantalang “moral ang tao” (moral man). Paninindigan nga niya, “Hindi kailanman magiging singmoral ang panlipunang ugnayan ng tulad ng matatagpuan sa ugnayan ng magkapwa” (Group relations can never be as ethical as those which characterise individual relations).²⁹

Sinuri niya ang iba’t ibang uri ng kalipunan at ipinakitang may batayan ang kanyang pagtingin sa lipunan. Oo nga’t “kahit naging ganap ang pakikipagkapwa sa loob ng pamilya, maari pa ring magsilbi itong pagluluklok sa sarili” (if perfect mutuality should be attained within the family circle, the family may still remain a means of self-aggrandisement).³⁰

Lalo pang malupit ang pagtingin ni Niebuhr sa sambayanan dahil “ang modernong sambayanan ang lipon ng mga tao na mayroong pinakamalakas na pagkakaugnay, di-matatawarang sentralisadong kapangyarihan at pinakamaliwanag na paraan sa pagsapi” (the modern nation is the human group of strongest social cohesion, of most undisputed central authority and of the most clearly defined membership).³¹ Dala ng mga katangiang ito, sinasabi ni Niebuhr na “bantog ang pagkamakasarili ng mga sambayanan” (the selfishness of nations is proverbial) at

²⁸Niebuhr, 57.

²⁹Ibid., 83.

³⁰Ibid., 47.

³¹Ibid., 83.

“marahil pagkukunwari ang pinakamakahulugang katangiang moral ng sambayanan” (perhaps the most significant moral characteristics of a nation is its hypocrisy).³²

Hindi rin nakaliligtas sa matalas na mga mata ni Niebuhr ang iba’t ibang uri sa lipunan. Una niyang pinuna ang naghaharing uri: “Ang pagkamakasariili ng naghaharing uri, samakatuwid, ang suma at kabuuan ng mga indibidwal na pagkamakasariili” (the group egoism of a privileged class is therefore more precisely the sum and aggregate of individual egoisms).³³ At “bagamat sadyang panlilinlang ang ilan sa pagpapanggap ng naghaharing uri, nag-uugat naman ang marami sa kanilang pagpapanggap sa mismong pamantayan ng katwiran, relihiyon at kultura (na kanilang ginagamit upang ipagtanggol ang kanilang kalagayan sa lipunan), na bunga at nakukulayan ng limitadong karanasan at pananaw ng kanilang uri” (while some of the pretensions of privileged classes are consciously dishonest, most of them arise from the fact that the criteria of reason, religion and culture [to which the class appeals in defense of its position in society] are themselves the product of, or at least colored by, the partial experience and perspective of the class).³⁴

Sa panig naman ng proletaryat, ganito rin ang puna ni Niebuhr. Una siyang naakit kay Karl Marx at sa hangad nito para sa pagkakapantay-pantay, ngunit nakita rin niyang kabilang mukha lamang ng kaisipan ng naghaharing uri ang proletaryat: “Ang pagluluklok sa uri bilang komunidad ng pinakamahalagang katapatan ay pinagtatangol ng proletaryat sa pamamagitan ng paggagawad ng pangkalahatang pagpapahalaga sa kanyang uri. Hindi siya naiiba sa naghaharing uri sa pagtatangkang gawing pangkalahatan ang kanyang karanasan” (The exaltation of the class, as the community of most significant loyalty, is justified by the proletarian by attaching universal value to his class. He does not differ from the privileged class in attempting this universalisation of his particular values).³⁵

Hindi galing sa abstraktong pagninilay ang mga palagay na ito ni Niebuhr. Masusi niyang binabalikan ang kasaysayan ng Europa at Estados Unidos sa ika-dalawampung siglo. Inilarawan niya ang pang-aapi sa mga Aprikano-Amerikano sa kanyang bansa at sinasang-ayunan ang pagtatanong kay Presidente Theodore Roosevelt kung “bakit . . . may karapatan sa kasarinlan at sariling pamahalaan ang Cuba na may 1,600,000 katao samantalang ipagkakait ito sa 8,000,000 katao sa Pilipinas” (why . . . should Cuba with 1,600,000 people have a right to freedom and self-government and the 8,000,000 people who dwell in Philippines be denied the

³²Ibid., 84, 95.

³³Ibid., 140.

³⁴Ibid., 140–41.

³⁵Ibid., 153.

same right?).³⁶ Tinukoy rin niya ang di-pagtatagumpay ng League of Nations dahil sa pagkamakasarili ng mga sambayanan.³⁷

Tunay ngang naipakita ni Niebuhr ang iba’t ibang mukha ng imoral na lipunan. At tulad ng nabanggit na, nasasalamín din ang mga mukhang ito sa mga nobela ni Pineda sa pamamagitan ng kanyang malikhaing pagkatha. Nasira ang pagsasama ng mag-asawang Sebío at Menyang dahil sa pagkasilaw ng lalaki sa ginto. Nasilayan din ang tunggalian ng panginoong maylupa at katiwala sa *Halina sa Ating Bukas*. At higit sa lahat, lantad ang mapait ng bunga ng digmaan ng mga sambayanan sa nobelang *Isang Milyong Piso*: baldado at gusgusin ang beteranong si Jose at naging dayukdok ang sambayanang Pilipino dala ng digmaan.

PAGBABAGO PARA KINA NIEBUHR AT PINEDA

Pagbabago ng Tao

Kapwa malalim ang paniniwala nina Pineda at Niebuhr sa kakayahang magbago ng tao. Dala ito ng kanilang batayang pagtingin sa tao—ang pananaig ng katwiran tungo sa di-pagkamakasarili, ang tulong ng edukasyon at karunungan, at ang hatak ng pananampalataya sa kagandahang-loob.

Para nga kay Niebuhr na pinanindigan ang pagiging moral ng tao, napagtitibay ng relihyon ang ganitong asal dahil mula sa mata ng Diyos ang pagtingin nito sa tao. Binabalikan ni Niebuhr ang sabi ni Ramakrishna, isang banal mula sa India: “Narating ko ang punto ng pagkakamalay na nakikita ko ang Diyos na naglalakad sa bawat anyo ng tao at nagpapakita ng sarili maging sa pantas man o sa makasalanan” (I have come to the stage of realisation in which I see that God is walking in every human form and manifesting itself alike in the sage and in the sinner).³⁸ Hindi tuloy nawawalan ng pag-asa si Niebuhr sa pagbabago ng tao, lalo’t sa tulong ng relihiyong inaanyayahan ang taong magnilay sa sarili: “Ang paninilay sa sarili, na katangian ng relihyon na nagbubuga sa diwa ng pagsisisi, ay nakaaambag rin sa diwa ng pag-ibig nito” (The introspective character of religion, which results in the spirit of contrition[,] also contributes to its spirit of love).³⁹ Nagbabago ang taong natutong magsisi.

³⁶Ibid., 101.

³⁷Ibid.

³⁸Ibid., 58.

³⁹Ibid., 59–60.

Bagamat ganito rin ang pagtingin ni Pineda hinggil sa tao, hindi niya madalas inilalarawan ang pagbabago ng tao sa kanyang nobela. Paglaban sa bugso ng pagkamakasarili ang hinaharap ng marami sa pangunahing tauhan niya. Tanging kay Jose sa *Isang Milyong Piso* makikita ang ganap at mahabang landas ng pagbabagong-loob. Sugatan ang buo niyang pagkatao, hindi katawan lamang, dahil sa digmaan. Nadagdagan pa ito ng hirap ng pamumuhay at ng inaakalang pagtanggì ng kanyang sinta, kaya nagumon siya sa krimen. Ngunit nakabalik-loob siya sa dakong huli ng nobela, dala na rin ng butil ng kabutihan sa kanya, ng udyok ng pananampalataya at ng kagandahang-loob ng iba sa kanya. Kahit sa panahon ng matinding kadiliman, nagsisilbing mahiwagang parola ang Simbahan ng Quiapo, at sa tulong ng kasintahang si Selya, ipinamahagi niya ang pamanang salapi ni George Smith, ang Amerikanong sundalong kanyang niligtas noong digmaan. Si Jose de la Kurus ang gerilyang pinaglaban ang bayan, ang pusakal na magnanakaw na mayhawak na armas, ang “bagong Simoun” na kumuha ng kaban ng yaman para sa kababayang biktima ng digmaan. Nakatatawag-pansing ang nobelang “pinakamadilim” ni Pineda ang siyang maglalarawan ng kanyang paninindigan sa kakayahan ng taong magbago.

Pagbabago ng Lipunan

Parehong may tiwala sina Niebuhr at Pineda sa kakayahan ng taong magbago, ngunit sa usapin ng panlipunang pagbabago tila sila tumatahak sa magkaibang landas.

Sa introduksyon sa kanyang pangunahing akda, binigyan-diin ni Niebuhr ang kanyang pinanggagalingan: “Dapat sadyang kilalanin ang pagkakaiba ng moral at panlipunang pagkilos ng mga indibidwal at ng mga grupo sa lipunan” (A sharp distinction must be drawn between the moral and social behavior of individuals and of social groups).⁴⁰ Batay ang pagkakaibang ito sa katangiang moral ng isa’t isa: “Maaring maging moral ang mga indibidwal dahil sa kakayahan nilang isaalang-alang ang interes liban ng sa kanila sa pagtatakda ng mga usapin kaugnay ng pagkilos at, kung gayon, may mga pagkakataong interes ng iba ang kanilang pinipili” (Individual men may be moral in the sense that they are able to consider interests other than their own in determining problems of conduct, and are capable, on occasion, of preferring the advantages of others to their own).⁴¹ Ngunit mahirap, kundi man imposible, na mangyari ito sa mga lipunan at grupo: “Sa anumang grupo, walang sapat na katwiran para gabayan at pigilan ang bugso, kakayahan para sa

⁴⁰Ibid., xi.

⁴¹Ibid.

pagwawalang-bahala sa sarili, kakayahan para maunawaan ang pangangailangan ng iba at, samakatuwid, higit na di-mapigilang pagkamakasarili kaysa sa makikita sa mga indibidwal na bumubuo sa grupo" (In every human group there is less reason to guide and to check impulse, less capacity for self-transcendence, less ability to comprehend the needs of others and therefore more unrestrained egoism than the individuals, who compose the groups, reveal in their personal relationships).⁴²

Para kay Niebuhr tuloy, mangyayari lamang ang panlipunang pagbabago kung haharapin ang tinatawag niyang "political necessities," ibig sabihin, ang umiiral na mga puwersang pampulitika sa lipunan.⁴³

Ito ang kanyang igigiit sa mga moralista, sosyologo, at akademikong kapanahon niya: "[Nagkulang sila] sa pagkilala sa mga katangian ng kolektibong pagkilos ng tao na bahagi ng batas ng kalikasan at di-maaaring ganap na pamayanihan ng katwiran o konsiyensiya. Hindi nila tinatanggap na kapag ang kapangyarihang kolektibo, sa anyo man ng imperyalismo o paghahari ng uri, ay nagsasamantala sa kahinaan ng iba, hindi ito maaalis liban na lamang kung kapangyarihan ring ang ihaharap dito" ([They fail] to recognise those elements in man's collective behavior which belong to the order of nature and can never be brought completely under the dominion of reason or conscience. They do not recognise that when collective power, whether in the form of imperialism or class domination, exploits weakness, it can never be dislodged unless power is raised against it).⁴⁴ Samakatuwid, para kay Niebuhr, hindi mababago ang lipunan nang walang pagtunggali ng mga puwersa.

Inaamin niyang "mala-trahedyá" (tragic) ang buhay, ngunit may "ganda" (beauty) ito dahil winawasak nito ang mga ilusyon natin.⁴⁵ Isa na rito ang pagbabago ng lipunan sa pamamagitan ng "paglalapat sa panlipunang kaugnayan ng dalisay na moralidad ng di-pagsasaalang-alang sa sarili" (to transfer a pure morality of disinterestedness to group relations).⁴⁶ Hindi ito kailanman nagtagumpay tulad ng makikita sa Rusya ni Leo Tolstoi o sa sosyalismo. Bagamat hindi naman nauwi sa kawalan ng pag-asa ang pagtingin ni Niebuhr, binibigyan-diin lamang niya na pakikibaka ang kailangan para itaguyod ang moralidad sa lipunan.

Dito tila humihiwalay ng landas ang mga nobela ni Pineda. Marami dito ang nagwawakas sa o nangangako ng matiwasay na lipunan tulad ng *Halina sa Ating Bukas, Magat*, at *Mutyang Taga-ilog*. Magpapagawa ng pabrika para sa mga manggagawa si Ador sa *Sa Langit, tulad sa Lupa* at naipapamahagi ni Jose ang "kaban

⁴²Ibid., xi-xii.

⁴³Ibid., 257.

⁴⁴Ibid., xii.

⁴⁵Ibid., 277.

⁴⁶Ibid., 268.

ni Simoun” sa *Isang Milyong Piso*. Pinapakita ni Pineda na maaring maganap ang panlipunang pagbabago, at nagaganap ito dahil sa moral na pagkilos ng tao at hindi sa pamamagitan ng karahasan o pagkikipagtunggali ng mga uri, halimbawa, si Kapitan Tomas na panginoong-maylupa at ama ni Luisa sa *Halina sa Ating Bukas*.

Mas masalimuot ang usapin tungol sa panlipunang pagbabago sa nobelang *Ginto sa Makiling*, at kakabit ito ng paglalarawan sa Makiling. Tahasang itinatangi ni Edong kay Sanang na langit ang Makiling: “Sa langit daw ay walang gutom, walang uhaw, walang pagod. Nguni’t sa bayan ni Mariang Makiling sa pusod ng bundok ay kailangan ding gumawa ang mga tao, nag-aararo rin sila, nagtatanim din sila, nasisira din ang pagsapaw ng palay kung natataunang dumarating ang bagyo sa Nobyembre.”⁴⁷ Sa huling detalyeng ito, tila may kaunting pagkakaiba ang Makiling sa “langit ni Ka Martin” sa maikling kuwento ni Pinedang may ganito ring pamagat, sapagkat walang tanda ng ganitong pagkasira sa kinalalagyan niya. Nandoon ang balong binabatasan ng tubig, mga puno ng manggang-kalabaw at suha, mga maya sa puno, matabang-matabang kalakian, patabaang baboy, ang asong si Itim, at talisaing nanalo sa sabong. Mga tanda ito ng nag-uumpapaw na kasaganaan sa langit ni Ka Martin: “Oy, wika ng magsasaka, ‘mainam ang lupa rito,’”⁴⁸ samantalang sinasalanta pa rin ng bagyo ang Makiling.

Kung hindi nga langit ang Makiling, lalo pa’t sa tradisyunal na paglalarawan ng langit, nagiging kaugnay ito ng karaniwang bayan ng Malolos at maaring makapasok rito ang dalawang uri ng tao. Unang-una ang mga katulad ni Dorong musmos at wala pang bahid ng bugso ng kasamaan. Ito rin ang dahilan kung bakit ang tulad ng itinuturing na baliw na si Nanong Balabal ay nakikita si Edong sa pagbisita nito kay Sanang at kung bakit tila sinasapian siya ni Edong upang maipagtanggol si Sanang.

Mataas ang pagpapahalaga ni Pineda sa pagkamusmos, anuman ang gulang ng tao. Wika nga ni George Smith sa naganap sa wakas ng *Isang Milyong Piso*: “Salitaan lamang ng dalawang musmos. Tinupad ng musmos na nasa Amerika. At gumawa naman ng kahanga-hanga, manapa’y kagila-gilalas na bagay ang musmos sa Pilipinas. Ngunit kahit paano ko isipin ang nangyari ay talagang sa mga musmos lamang mangyayari ang mga nangyaring ito na mahanga’y sa musmos lamang dapat ibalita sapagkat ang mga matitinong tao’y hindi maniniwala.”⁴⁹

Ngunit bagamat nakakapasok sa Makiling ang musmos tulad ni Doro, hindi ito sapat upang manatili roon. Tanging mga nakapagpakita ng kagitingan, bayani man tulad ni Urduha o karaniwan tulad ni Edong, ang maaring manirahan dito. Kaya kailangang maging tapat si Sanang sa loob ng apatnapung taon. Mas mahalaga ang

⁴⁷Pineda, *Ang Ginto sa Makiling*, 29.

⁴⁸Macario Pineda, “Ang Langit ni Ka Martin,” in *Ang Ginto sa Makiling at Ibang mga Kuwento*, 176.

⁴⁹Pineda, *Isang Milyong Piso*, 263.

ganitong "pagpapakawala sa buhay" alang-alang sa Diyos tulad ng nasa Ebanghelyo ni Marcos 8:35 kaysa pisikal na kamatayan para makapamuhay sa Makiling. Bagamat maaring ipalagay na namatay si Edong sa kanyang pagkakahulog sa bangin, sinasabi niya kay Sanang na dapat pa siyang magbalik sa Makiling sapagkat "hindi pa ako magaling. Nakikita mong umiika pa ako. Maputla pa ako. Mayroon pa akong mga pinsalang hindi pa napapaggaling nguni't mapagagaling na rin sa kaunti pang panahon kung may awa ang Poong Maykapal."⁵⁰

Dahil sa iba't ibang detalyeng ito sa paglalarawan sa Makiling, masasabing hindi ito sa kabilang buhay kundi kaugnay ng karaniwang buhay tulad ng sa Malolos. Kailangan lamang ng panlipunang pagbabago sa karaniwang buhay sa pamamagitan ng paghahari ng di-pagkamakasarili: "Kaligayahan nila'y ang kanilang pagtitinginang tunay na sa magkakapatid."⁵¹ Nandoon ang pagbabahaginan ng pagkain, pagpapahiram nang walang patubo, pagbabayanihan, walang marahas o maling pangungusap at "lahat ay nabubuhay sa katotohanan, ang katotohanang walang nakikilala kundi yaong tapat, lantay, hayag at tunay na walang batik."⁵² Dito natin makikita ang pananaw ni Pineda sa panlipunang pagbabago—maari itong makamtan kung paiiralin ng tao ang pakikipagkapwa sa tulong ng katwiran at pananampalataya.

PAGTATALABAN NG KRISTIYANONG IDEALISMO AT REALISMO

Dito naghihiwalay ng landas sina Pineda at Niebuhr hinggil sa panlipunang pagbabago. Napakalalim ng paniniwala ni Pineda sa kakayahan ng taong maging moral sa kabila ng iba't iba niyang bugso at makapanday ng lipunan ding moral. Hindi mababago ang umiiral na lipunan sa pamamagitan ng anumang uring kapangyarihan at dahas. Napakaideyal nito kung ihahambing sa pananaw ni Niebuhr na karaniwang binabansagang "Christian realism." Mulat siya sa pagkaimoral ng lipunan dahil sa lakas at lawak ng mga puwersa sa lipunang dala ng pansariling interes. Kaya nga anumang pagbabago sa lipunan ay makakamtan lamang sa pamamagitan ng pakikipagtunggali sa mga puwersang ito.

Sa kabila ng pagkakaibang ito, kapwa nila pinahahalagahan ang katwiran at pananampalatayang Kristiyano. Hitik ang mga nobela ni Pineda sa mga tanda ng pananampalatayang nagpapahayag sa pamamayaning Maykapal sa sanlibutan

⁵⁰Pineda, *Ang Ginto sa Makiling*, 27.

⁵¹Ibid., 30.

⁵²Ibid.

at pinagkukunan ng lakas ng mga tauhan upang mamuhay nang moral tulad, halimbawa, ng imahen ng Santo Kristo para kay Sanang. Ngunit ayon kay Niebuhr, “Ang krus ang sagisag ng pag-ibig na matagumpay sa sarili nitong kabuuan, ngunit hindi nagtagumpay sa mundo at lipunan. Sa katunayan, kinasabwat ng lipunan ang krus” (The cross is the symbol of love triumphant in its own integrity, but not triumphant in the world and society. Society, in fact, conspired the cross).⁵³

Kaya nga para kay Niebuhr, “Sa pag-unawa ng Ebanghelyo sa Kaharian ng Diyos, nagiging ispiritual ang mithing pag-asang Israel sa katapusan ng mundo, na ganap na ideyal sa pangitain ng Ikalawang Isayas” (The gospel conception of the kingdom of God represents a highly spiritualised version of this Jewish millennial hope, heavily indebted to the vision of the Second Isaiah).⁵⁴ Sa kabilang panig naman, pinahihiwatig ng mga nobela ni Pineda ang tinawag ng teologong si C. H. Dodd na “realized eschatology”—“nagsisimula na ang Kaharian ng Diyos” (Lukas 10:9) sa loob ng kasaysayan at lipunan.⁵⁵ Para kay Pineda, nandito ito, sa Makiling man o saan mang dako na umiiral ang di-pagkamakasarili at pakikipagkapwa.

Kinakatawan nina Niebuhr at Pineda ang magkabilang panig ng usaping tungkol sa panlipunang pagbabago. Dahil sa maraming pagkakatulad sa kanilang pagtingin sa tao at lipunan, hindi ganap ang pagkakaiba ng kanilang pananaw sa panlipunang pagbabago. May katotohanan sa kanila na tunay na magkabay at maaring magsilbing gabay sa pagkilos ng bawat tao at lipunan. Batayan pa rin ng kaayusan sa lipunan ang moral na pagkilos ng indibidwal, ngunit hindi lamang itinataguyod ang moral kundi dapat ding ipaglaban sa mga puwersang imoral.

Napakaangkop ng mensaheng ito sa paggunita ng sambayanang Pilipino sa sentenaryong kapanganakan ni Pineda. Sa pagharap sa katiwalian at iba pang kanser sa lipunan, magandang paalaala mula kay Pineda ang ganap na pagtitiwala sa likas na kabutihan ng tao. Higit na marami pang karaniwang bayani ang tinatawag. Ngunit tulad ng makikita sa kasalukuyang sistema, kinakailangan ding buwagin ang mga mapang-aliping balangkas sa lipunan upang maging Makiling ang ating lipunan.

SANGGUNIAN

Dillistone, F. W. C. H. *Dodd: Interpreter of the New Testament*. London: Hodder and Stoughton, 1977.

⁵³Niebuhr, 82.

⁵⁴*Ibid.*, 61.

⁵⁵F. W. Dillistone, *C. H. Dodd: Interpreter of the New Testament* (London: Hodder and Stoughton, 1977), 119.

- Niebuhr, Reinhold. *Moral Man and Immoral Society: A Study in Ethics and Politics*. New York: Charles Scribner’s Sons, 1932.
- Pineda, Macario. *Ang Ginto sa Makiling*. Manila: Palimbagang Tagumpay, 1947.
- _____. *Halina sa Ating Bukas*. Manila: St. Paul Pub., 1971.
- _____. *Isang Milyong Piso*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2012.
- _____. *Langit ng Isang Pag-ibig*. Manila: Palimbagang Tagumpay, 1947.
- _____. “Ang Langit ni Ka Martin.” In *Ang Ginto sa Makiling at Ibang mga Kuwento*. Isniaayos at Binigyan ng Introduksiyon ni Soledad S. Reyes, 127–37. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1990.
- _____. *Magat: Ama ng Labing Kayumanggi*. *Liwayway*, 12 January 1948–10 May 1948.
- _____. *Mutyang Taga-ilog*. *Daigdig*, 23 December 1947–1 March 1948.
- _____. *Sa Himaymay ng Puso at Iba Pang Kuwento*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2013.
- _____. *Sa Langit, tulad sa Lupa*. *Ilang-ilang*, 7 September 1950–11 January 1951.
- Reyes, Soledad S. Introduction to *Ang Ginto sa Makiling at Ibang mga Kuwento* by Macario Pineda. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1990.
- _____. *Nobelang Tagalog 1905–1975: Tradisyon at Modernismo*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982.
- Ricoeur, Paul. “Evil, a Challenge to Philosophy and Theology.” *Journal of the American Academy of Religion* 53, no. 3 (1985): 635–48.

Jose Mario C. Francisco, SJ is full professor at Loyola School of Theology, Philippines. His research focuses on the interphase among religion, culture, and science, especially in East Asian contexts. Aside from critical editions of seventeenth-century Tagalog manuscripts, his publications have appeared in *The Cambridge History of Christianity*, *Nuevos Horizontes para la Misión*, *Asian Christian Review*, *Forum Mission*, and *Philippine Studies*. He will be teaching at the Gregorian University in Rome. He may be sent an email at jmcf@admu.edu.ph.